

BASAHIN, PAG-ARALAN, AT SIKAPING MAINTINDIHAN:

Ang Literaturang Pasalita

Ang binibigkas na uri ng literatura ay tinatawag na **literaturang pasalita**. Ito ay itinuturo at naisasalin sa kasunod na henerasyon sa pamamagitan ng pagsasaulo na maaaring mailahad sa pamamagitan ng pagtula, pagkukwento, o pag-awit.

Ang literaturang pasalita ay pang-araw-araw na gawain na lamang ng mga sinaunang Pilipino. Dahil dito, may potensyal ang lahat ng mamamayan ng isang kumunidad na maging manunula, mang-aawit, o kwentista hangga't maalam o nagsasalita sila ng wikang ginagamit at sumusunod sa tradisyong pinagsasaluhan ng kumunidad. Dagdag pa rito, itinuturing na isang henyo ang mga umaawit ng epiko noong mga sinaunang panahon, dahil sa talas ng isipang tandaan ang tono ng awitin at ang mga linya nito.

Tinatawag na matandang literaturang pasalita ang kapanahunan ng mga alamat. Ito ay nagsimula sa sinaunang panahon, bago pa man magkaroon ng tala ang ating kasaysayan, hanggang sa dumating ang mga Malay noong 1300 A.D. na siyang nagpakilala ng sumunod na uri ng literatura—ang pasulat.

Ang mga sinaunang tao na naninirahan sa kapuluang ito, bagama't hindi gala ay walang permanenteng tahanan. Kung tumitira man sila sa isang lugar ay grupo-grupo pa ring may sariling pinuno at panahanan. Maaring magkakasundo

at magkakaaway ang nasabing grupo ng mga sinaunang tao na nagiging dahilan ng kanilang mabuting interaksyon o 'di kaya'y pakikipaglaban sa isa't isa. Ang literaturang pasalita o karaniwang tinatawag na saling-dila o lipat-dila ay iniingatan ng mga nakatatanda na karaniwang pinuno ng baranggay o nagsisilbing pinaka-pari ng kanilang gawaing may kinalaman sa kanilang paniniwala at pananampalataya. Ang sinasamba ng mga sinaunang tao ay araw, punungkahoy, o anumang bagay sa kalikasan na karaniwang kinapapalooban ng mga kababalaghan dahil sa mga mabubuti at masasamang espirito na tinatawag nilang "anito." Hanggang sa kasalukuyan, ginagamit pa rin ng mga taga-Cordillera ang salitang anito upang patungkulan ang mga nasabing espirito.

Uri ng Literaturang Pasalita

Ang mga sumusunod ang ilang uri at halimbawa ng literaturang pasalita:

1. **Bulong:** Ito ay ginagamit na pangkulam o pang-engkanto.

- Mula sa Bagobo ng Mindanao
"Nagnakaw ka ng bigas ko,
Umulwa sana ang mata mo,
Mamaga sana ang katawan mo,
Patayin ka ng mga anito."
- Mula sa mga Ilokano
"Huwag magagalit, kaibigan,

aming pinuputol lamang

ang sa ami'y napag-utusan.”

2. **Alamat:** Ito ay patungkol sa pinagmulan ng mga bagay-bagay sa mundo.

- Ang pinagmulan ng Sansinukob
- Ang pinagmulan ng Daigdig
- Ang Unang Lalake at Babae
- Ang Pinagmulan ng Araw at Gabi

3. **Kasabihan:** Karaniwang maikli at patula na hango sa karanasan.

- Huli man daw at magaling ay naihabol pa rin.
- Daig ng maagap ang masipag.
- Kung may hirap, may ginhawa.
- Kung may dilim ay may liwanag.
- Ang taong mapagmataas ang madaling bumagsak.

4. **Salawikain:** Ito ay maikling tula o kasabihan na ipinahahayag nang maikli, malaman, makahulugan subalit karaniwang mapanuya.

- Ang tumatakbo ng matulin kung matinik ay malalim.
- Ang hindi lumingon sa pinanggalingan ay hindi makararating sa paroroonan.
- Ang laki sa layaw karaniwa'y hubad sa bait at muni sa hatol ay salat masaklap na bunga ng maling paglingap habag ng magulang sa irog na anak.
- Pag-aralan mo ang sumunod, nang matutunan mo ang mag-utos.
- Ang mahirap at mayaman, pantay-pantay sa libingan.

5. **Epiko:** Narativ na salaysaying patula na patungkol sa kabayanihan at pakikipagsapalaran na kinapapalooban ng mga pambihirang kakayahan ng bida. Kinasasangkutan ito ng ilang katangian tulad ng pag-alis ng bida sa sariling tahanan, pagtataglay ng agimat o anting-anting, paghahanap sa minamahal, pakikipaglaban, matitigil ang labanan sa pamamagitan ng mga bathala, pagbubunyag na ang mga naglaban ay magkakadugo, pagkamatay ng bayani, muling pagkabuhay, muling pagbabalik sa sariling bayan, at ang pag-aasawa ng bayani.

- *Kumintang* ng mga Tagalog
- *Biag ni Lam-ang* ng mga Ilokano
- *Ullalim* ng mga Kalinga
- *Ibalon* ng mga Bicolano
- *Lagda* ng Kabisayaan
- *Haraya* ng Kabisayaan
- *Maragtas* ng Kabisayaan
- *Labaw Donggon* ng Kabisayaan
- *Indarapatra at Sulayman* ng mga Muslim
- *Bidasari* ng mga Muslim
- *Parang Sabir* ng mga Muslim
- *Bantugan* ng mga Muslim
- *Daramoke-a-Babay* ng mga Muslim
- *Dagoy at Sudsud* ng mga Tagbanug
- *Tulalang* ng mga Manobo
- *Tuwaang* ng mga Bagobo

- Darangan ng mga Maranao

6. **Uyayi o Hele:** Ito ay awit sa pagpapatulog ng sanggol.

- Mula sa Katagalugan

Matulog na aking bunso, ang ina mo'y malayo; hindi ko naman masundo,
may putik at may balaho.

- Mula sa Pangasinan

Ugoy, ugoy, ugoy

'Pag nahulog ang sanggol

Magbabayad ka ng sanlibo.

7. **Bugtong:** Ito ay kawangis ng palaisipan at nagpapakilala ng talas ng isip.

- Isang prinsesa nakaupo sa tasa. (kasoy)
- Hindi makita ngunit nadarama. (hangin)
- Hayan na, hayan na, 'di mo pa makita (hangin)
- Ako ay may kaibigan, kasama ko kahit saan. (anino)
- Tubig sa ining-ining, di mahipan ng hangin. (niyog)

8. **Kumintang:** Ito ay itinuturing na awit na pandigma noong bago dumating ang mga Kastila (war or battle songs), subalit naging awit ng pag-ibig noong ika-19 na dantaon . Sa Batangas, ito ay hindi lamang inaawit subalit isang uri rin ng sayaw. Ang pagiging awit pandigma nito ay lubos ng nakalimutan at wala ng makapagtitik man lamang ng halimbawa, ngunit ang pagiging awit ng pag-ibig nito ay nanatiling buhay.

- Ang "Mutya ng Pasig" mula sa komposisyon ni Nicanor Abelardo ay pinasikat bilang makabagong kumintang

9. **Tagumpay:** Ito ay isang awit na pandigma, subalit wala ng nalalabing halimbawa.

10. **Ihiman:** Ito ay awit sa kasal.

11. **Talindap o Talindaw :** Awit sa pamamangka (boat song)

- Sagwan, tayoy sumagwan.

Ang buong kaya'y ibigay.

Malakas ang hangin baka tayo'y tanghaliin,

pagsagwa'y pagbutihin.

12. **Kutang-Kutang:** Ito ay isang uri ng awit at sayaw na kung minsa'y may himig na nagpapatawa.

- Kung 'di kita kamta't kamtan ka ng iba, magbibigti ako ng tali sa paa.